



HFS

Illinois Department of
Healthcare and Family Services

Estate Recovery Hardship Waiver – Isang Maikling Gabay

luurong ng Department of Healthcare and Family Services (HFS), sa kabuuan o sa bahagi nito, ang claim nito laban sa isang ari-arian kung ang pagkuha ay magdudulot ng hindi nararapat na paghihirap sa isang legatee o tagapagmana. Ang isang hardship applicant ay hindi maaaring maging kwalipikado para sa hardship waiver kung hindi siya ang tagapagmana o legatee (pinangalanan sa Will).

Ang hindi nararapat na paghihirap ay hindi umiiral lamang dahil ang pagbawi ay hahadlang sa mga aplikante na makatanggap ng isang mana o kung ang paghihirap ay nilikha sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraan sa pagpapalano ng ari-arian upang maiwasan ang pagbawi ng ari-arian. Upang makumpleto ang pagsusuri ng hardship application, kailangang magbigay ng mga pansuportang dokumento. Ang hindi pagbibigay ng kinakailangang impormasyon ay magresulta sa pagtanggì sa waiver.

Dapat magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa bawat tao na humihiling ng pagsasaalang-alang sa kahirapan. Dapat kumpletuhin ng aplikante ng hardship waiver ang naaangkop na (mga) seksyon ng aplikasyon at ibalik ito kasama ang mga pansuportang dokumento sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsang nakasaad sa Notice of Intent to File a Claim Against the Estate or Estate Recovery na kasama ng aplikasyon. Ang mga aplikasyon na ibinalik pagkatapos ng 60 araw mula sa petsa na ito ay hindi susuriin.

Kung kailangan ng karagdagang impormasyon pagkatapos na maisumite ang aplikasyon sa napapanahong paraan, dapat ibalik ang dokumentasyon sa loob ng 45 araw sa kalendaryo mula sa petsa kung kailan hiniling ang impormasyon. Kung ang aplikante ay kailangang humingi ng ekstensyon, mangyaring makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa 217-785-2711. Kung kami ay hindi nakontak para sa isang ekstensyon at hindi natanggap ang dokumentasyon sa loob ng 45 araw sa kalendaryo, ito ay hindi isasaalang-alang.

Isang liham ang ipapadala sa aplikante na may paliwanag ng desisyon. Kung ang kahilingan ay tinanggihan, ang aplikante ay may 60 araw sa kalendaryo para magsumite ng isang nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri ng pagtanggì.

Ang mga pamantayan para sa hardship waiver (89 ILAC 102.210) ay ibinuod sa ibaba:

1. Ang ari-arian ay naging lugar ng negosyo ng pamilya nang hindi bababa sa 12 buwan bago ang pagkamatay ng yumao; ang pangunahing pinagmumulan ng kita ng mga tagapagmana; gumagawa ng 50% o higit pa sa kanilang kabuhayan; at ang pagbawi ng estado ay magresulta sa pagkawala ng pangunahing pinagkukunan ng kita ng mga tagapagmana; **o**
2. Ang mga tagapagmana ay magiging eligible o mananatiling eligible para sa pampubliko at/o medikal na tulong kung kukunin ng estado ang claim; **o**
3. Ang mga tagapagmana ay maaaring huminto sa pampubliko at/o medikal na tulong kung hindi kukunin ng estado ang claim.

Ang nakumpletong application form, mga pansuportang dokumento at nakasulat na mga kahilingan para sa pagsusuri ng isang pagtanggì ay maaaring ipadala sa sumusunod:

**Illinois Department of Healthcare and Family Services
Bureau of Collections - Technical Recovery Section
P.O. Box 19174
Springfield, Illinois 62794-9174**